

Going Vertical: Mga Kampanya ng Mamamayan para sa Reporma, Ikalawang Edisyon

Buod ng mga Case Studies





© 2018 | **Inilathala ng:**

Government Watch (G-Watch)
27-A Matapat Street, Barangay Pinyahan
1100 Quezon City, Metro Manila, Philippines
Website: g-watch.org

Accountability Research Center (ARC)
American University, School of International Service
4400 Massachusetts Avenue, NW Washington, DC 20016-8001 USA
Website: accountabilityresearch.org

Layout: Aildrene Tan



Tungkol sa Babasahing Ito

Sa kasalukuyang panahon, nangangailangan tayo ng makabagong pamamaraan upang matiyak na may pananagutan sa pamahalaan at matanggal ang mga balakid na matagal nang nakaugat sa ating mga institusyon. Isa sa mga bagong estratehiyang ito ang vertical integration ng mga gawaing policy monitoring at advocacy ng mga civil society organizations.

Dahil sa masinop, organisado at sabayang pag-engage sa bawat antas ng estado, natutukoy natin ang mga kadahilanan kung bakit hindi napapanagot ang gobyerno. Naipapakita rin nito ang ugnayan ng mga salik na ito, at ang mga kinakailangang pagbabago sa istruktura ng kapangyarihan sa lokal, pambansa, at transnasyunal na antas upang matiyak ang mga kinakailangan na pangmatagalang pagbabago sa ating mga institusyon (Fox 2001). Maipakikita rin nito ang kanilang pagkakaugnay at paglilipat ng kapangyarihan sa lokal, nasyunal, at transnasyunal na antas, na siyang kailangan para magkaroon ng tuloy-tuloy na pagbabago sa institusyon (Fox 2001). Pinapakita ng pitong case studies dito ang mga inisyatiba kaugnay ng civil society monitoring and advocacy sa Pilipinas, kung saan lahat ay may hangaring mapabuti ang pananagutan ng gobyerno sa iba't-ibang sektor gamit ang vertical integration.

Ang mga buod na ito ay batay sa librong “Going Vertical: Citizen-Led Reform Campaigns in the Philippines” na pinatnugutan ni Joy Aseron. Ang pagsalin sa Filipino ay ginawa ni Althea Muriel Pineda at Francis Isaac.

Ang librong Going Vertical ay producto ng research on vertical integration na isinagawa ng Government Watch (G-Watch) kasama ng Accountability Research Center (ARC) at Institute of Development Studies (IDS) sa pamamagitan ng suporta ng Making All Voices Count (MAVC). Makukuha ang e-copy ng librong ito sa: <https://www.g-watch.org/resources/vertical-integration-research/going-vertical-citizen-led-reform-campaigns-philippines-2nd>.

Photo credits: Rural Poor Institute for Land and Human Rights Services (RIGHTS, Inc.), Damayan ng mga Maralitang Pilipinong Api, Inc. (DAMPA, Inc.), ILO/Joseph Fortin, Teduray Lambangian Women's Organization, Inc. (TLWOI), Giacomo Pirozzi/ Panos Photos, NASA Goddard's MODIS Rapid Response Team, Teduray Lambangian Women's Organization, Inc.

Tungkol sa G-Watch

Ang G-Watch ay isang nagsasarili at pambansang action-research organization na nakalubog sa mga advocacy at civic organizations sa iba't-ibang bahagi ng Pilipinas upang mapalalim ang demokrasya at mapayabong ang pananagutan sa pamamagitan ng pagsasakapangyarihan ng mamamayan.

Tungkol sa ARC

Ang ARC ay isang action-research incubator na nakabase sa School of International Service (SIS) at sa American University. Nakikipagtulungan ang ARC sa mga civil society organizations at policy reformers para makaambag sa pananaliksik at pagsasanay sa larangan ng transparency, participation and accountability.

Pinapakita ng pitong case studies dito ang mga inisyatiba kaugnay ng civil society monitoring and advocacy sa Pilipinas, kung saan lahat ay may hangaring mapabuti ang pananagutan ng gubyrerno sa iba't ibang sektor gamit ang vertical integration.



4.1 Pagkilos ng mga Mamamayan para sa Edukasyon na Bukas at may Pananagutan sa Pamamagitan ng Textbook Count

Joy Aceron

Ang Textbook Count ay isang pinagsamang programa ng Department of Education (DepEd) at ng Government Watch (G-Watch), isang programa ng Ateneo School of Government na nagsasagawa ng mga inisyatibo tungkol sa pananagutan kasama ang mga civil society organizations (CSOs). Naglalayon ang Textbook Count na matiyak ang tamang bilang ng mga aklat-pampaaralan, kung ang mga ito ay naaayon sa tamang kalidad, at kung ang mga aklat ay nakararating sa mga mag-aaral ng pampublikong paaralan sa tamang oras at dumaaan sa tamang proseso.

Maraming pag-aaral ang kumilala sa tagumpay ng Textbook Count at ito ay kanilang iniuugnay sa tatlong salik: (1) pamumuno o pagkakaroon ng mga kampeon sa DepEd; (2) presensya ng mga tagapag-monitor mula sa civil society; at (3) pagtutulungan ng estado at mga non-state actors. Bagamat mahalaga ang mga nabanggit na salik, ang mga pagpapaliwanag na ito sa tagumpay ng Textbook Count ay masyadong malawak. Kaunting atensyon lamang ang naituon sa mga pamamaraan ng kampanya na siyang nagpakilos sa mga aktor ng Textbook Count para ito ay magtagumpay. Makikita sa pag-aaral na ito ang ilang mga proseso, mekanismo, mga aktor at gawaing isinagawa sa iba't ibang yugto at antas ng programa na naging dahilan upang maging posible ang masusing pagsubaybay ng mga civil society sa lahat ng mga kahinaan na maaaring pagmulan ng kurapsyon at kawalang-bisa sa tungkulin ng gobyerno sa programa ng pagpapadala ng aklat-pampaaralan. Sinusubukan nitong himayin ang proseso at sukatin ang tindi ng mga gawain o mga taktika sa bawat antas gamit ang *vertical integration* bilang balangkas sa pag-aanalisa.



Ang vertical integration ng Textbook Count na kinoordina ng G-Watch mula 2003 hanggang 2007 ay sinakop ang kabuuang programa ng DepEd sa pagdadala ng aklat-pampaaralan mula sa pagkuha sa antas ng central office hanggang sa pamamahagi sa pandistrito/pampaaralan. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga koneksyon kasama ang iba't ibang nasyonal at lokal na civil society para sa pagmomobilisa ng mga boluntaryong tagapagsubaybay sa baba.

4.1.1 Daan tungo sa Tagumpay

Ipinagmamalaki ng Textbook Count ang kontribusyong nito sa mga magagandang resulta na nakamit. Nag-ambag ito sa pagpapababa ng yunit ng presyo ng mga aklat-pampaaralan mula sa halagang PhP80 at PhP120 noong 1999 hanggang sa halagang PhP30 at PhP45 sa taong 2006–2007; pinaikli rin nito ang karaniwang siklo ng pagkuha ng aklat-pampaaralan mula 24 na buwan patungo sa 12 buwan na lamang; at napabuti nito ang marka ng pagtiwala sa DepEd. Ang vertical integration ng Textbook Count na kinoordina ng G-Watch mula 2003 hanggang 2007 ay sinakop ang kabuuang programa ng DepEd sa pagdadala ng aklat-pampaaralan mula sa pagkuha sa antas ng central office hanggang sa pamamahagi sa pandistrito/pampaaralan. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng pagbuo ng mga koneksyon kasama ang iba't ibang nasyonal at lokal na civil society para sa pagmomobilisa ng mga boluntaryong tagapagsubaybay sa baba. Sumakop ito ng hanggang 80% ng mga lugar na pagdadalhan ng aklat-pampaaralan—sa mga mataas na paaralan at mga tanggapan ng Kagawaran sa distrito—sa buong bansa.

Dahil nasakop ng mga CSOs lahat ng mga mahahalagang yugto ng programa ng DepEd sa pagdadala ng aklat-pampaaralan, nagkaroon ng maagap na pagsisikap para masiguro ang pagsunod sa pamantayan ng dami, kalidad, at proseso nito. Napigilan o nabawasan ang hindi pagsunod sa mga pamantayan na nagdudulot ng pangungupit, kawalang-bisa sa tungkulin, anomalya, o kurapsyon. Ang nagpagana rito ay ang pambansa at vertically integrated na pagkilos ng mga CSOs mula nasyonal na antas hanggang sa pampaaralang antas. Ang ugnayan at komunikasyon ng G-Watch at mga CSOs sa Textbook Count ay umayon sa istruktura ng programa ng pagpapadala ng aklat-pampaaralan lalo na sa daloy ng impormasyon at booking. Ito ay para rin masiguro na ang mga aklat ay madaling pagsama-samahin sa nasyonal na antas kung saan nanggagaling ang datos at impormasyon na nagsisilbing basehan ng mga rekomendasyong tinutugunan naman ng mga matataas na opisyal ng DepEd.

Ilan sa mga CSOs na nakibahagi sa inisyatibo na Textbook Count ay ang National Citizens' Movement for Free Elections, isang organisasyong nagbabantay ng halalan, at ang Boy at Girl Scouts of the Philippines, na nagsasagawa ng mga serbisyong pamboluntaryo. Ang mga Scouts at mga volunteers mula sa mga local CSOs ay nagtutungo sa mga napiling delivery points upang 'magbilang' ng mga aklat-pampaaralan pagdating nito mula sa mga suplayer na nanalo sa bidding. Sinisiyasat din ng mga tagapagsubaybay ng Textbook Count ang pisikal na kalidad ng mga aklat-pampaaralan at iniulat ang kanilang mga natuklasan sa book form at sa Inspection and Acceptance Book. Ang mga ito ay kinokolekta ng G-Watch sa nasyonal na antas para ihanda ang CSO book.

4.1.2 Paglipat ng pagpapatakbo ng Textbook Count sa gobyerno

Noong 2007, ipinahiwatig ng G-Watch ang paglipat ng pagpapatakbo ng Textbook Count sa DepEd. Simula noon, hindi na naging malinaw ang operasyon ng programa, lalo na sa pakikilahok ng mga CSOs. Dagdag pa dito, marami sa mga miyembro ng gabinete na nagsusulong ng mabuting pamamahala ang umalis sa kanilang pusisyon ay kaya'y tinanggal sa puwesto noong 2005. Ito ang panahon kung kailan nadawit si dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo sa iba't-ibang eskandalo at mga kaso ng korapsyon, na nagbunga ng krisis pampulitika sa bansa. Isa sa mga tagapagsulong reporma ay ang Opisyal mula sa Kagawaran ng Edukasyon na naging kampeon ng Textbook Count. Naging hamon

kung paano pa ipagpapatuloy ang inisyatiba tulad ng Textbook Count na may pagtutulungan gobyerno at mga CSOs gayong wala ka ng ng malakas na kampeon sa DepEd at mayroon kang administrasyong talamak ang korapsyon.

Sa kabilang dako, lumalakas din ang paninindigan na dapat maging self-sufficient o self-sustaining na ang mga inisyatibang nagsusulong ng social accountability tulad ng Textbook Count, at hindi dapat nakaasa lamang sa suporta ng mga donors. Ito ang nag-udyok sa mga funders katulad ng UNDP na tapusin na ang kanilang suportang pampinansyal sa G-Watch matapos ang apat na rounds ng monitoring. Isa sa mga funders na intermediary donor ay nagpahayag na hindi na nila kayang mangalap ng pondo para sa Textbook Count. Ang isa naman ay nagsabi na dapat na-institutionalize na ang nasabing programa, lalo't ilang taon na rin itong pinatakbo. Gayunman, may mga donors pa rin na nagbigay ng pondo sa G-Watch para ipagpatuloy ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Kagawaran ng Edukasyon. Ang ibang donor naman ay sumuporta sa kapareho at kaugnay na mga inisyatibo.

Marahil, ipinapahiwatig nito ang inklinasyon ng mga donor na suportahan mga makabagong gawain sa halip na patuloy na suportahan ang mga matagumpay na inisyatiba at proseso. Itong dalawang salik na ito ang naging dahilan sa pasya ng G-Watch na ipaubaya na lamang ang pagpapalakad ng Textbook Count sa DepEd, at sa halip ay maghanap ng mga bagong paraan na magtitiyak ng accountability o pananagutan sa ng Departamento. Mula noon, nagsasagawa na ng mga inisyatibo sa social accountability ang G-Watch upang ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan ng mga CSOs sa DepEd. Bagaman limitado ang mga proyektong ito, sinasaklaw naman nito ang mga mahahalagang proseso at proyekto/ programa sa loob ng DepEd.

Patuloy ding sinisiyasat ng G-Watch ang mga pamamaraan upang mapatibay ang 'supply side' ng accountability. Partikular na iniisip ang pagpapalakas ng mga mekanismo ng pananagutan sa loob ng DepEd, katuwang ang mga alyado mula sa middle-management at iba pang mga CSOs mula sa pambansa at lokal na antas. Naisusulong ng ganitong uri ng pagtutulungan ang social accountability, at napapakilos din ang mga CSOs para patuloy na bantayan ang sistema ng pananagutan ng pamahalaan.

4.1.3 Mga aral para sa pangangampanya na vertically integrated

- Ang pinakamahinang bahagi ng Textbook Count pagdating sa kanyang saklaw at lawak ay nasa antas ng lalawigan, habang ang pinakamalakas na kapasidad nito pagdating sa monitoring ay nasa lokal at nasyonal na antas.
- Ang Textbook Count ay nagsilbing hindi-tuwirang adbokasiya para suportahan ang mga opisyaes ng DepEd nagnanais ng transparency, accountability, higit na pakikilahok ng mamamayan. Mabuti din itong paraan ng pangangalap ng ebidensya na maaaring gamitin para pigilan ang mga opisyal na may bahid ng korapsyon.
- Upang ganap na maunawaan ang tagumpay ng anumang inisyatiba, mahalagang maintidihan ang iba't-ibang pagkilos na isinagawa sa iba't-ibang antas, ang iba't-ibang mga grupo na dapat makaugnay, at ang saklaw at limitasyon ng mga makukuhang pakinabang dahil sa nagbabagong kontekso sa pamamahala.



4.2 Kampanya para sa repormang agraryo sa Bondoc Peninsula

Francis Isaac at Danilo Carranza

Ang Bondoc Peninsula ay isang mahaba at makipot na lupain na matatagpuan sa Timugang bahagi ng lalawigan ng Quezon, na humigit-kumulang walong oras ang layo mula sa Maynila. Halos nakaasa sa produksyon ng copra an nasabing lugar. Mayroon itong tagibang na sistema sa pagmamay-ari ng lupa kung saan malaking bahagi nito ay pinag-aarian ng iilang elitistang pamilya.

Malaking bahagi ng kasaysayan ng kampanya sa repormang agraryo sa Bondoc Peninsula ay patungkol sa papel ng civil society na tulungan ang mga maralitang magsasaka na makuha ang kontrol sa lupa. Iba't ibang pagkilos sa iba't ibang antas ang ginamit ng kampanya para matulungan ang mga a magbubukid na magkaroon ng kontrol sa lupa. Ang mga pagkilos na ito ay matutukoy bilang *constituency-building* at pakikipag-ugnayan sa estado (*interfacing with the state*).

4.2.1 Repormang agraryo sa Pilipinas

Nasa kamay lamang ng iilang mayayaman ang pagmamay-ari at kontrol ng lupa sa Pilipinas, na nagluwal sa malaking uri ng maralitang magsasaka. Kaya naman ang kampanya para sa karapatan ng mga magbubukid ay nakaugat sa mahabang kasaysayan ng paglaban at pakikibaka.

Unang nagkaroon ng batas sa repormang agraryo noong 1972, subalit hindi halos nito naipamahagi ang malalaking mglupain. Ito ang nagtulak upang mabuo ang iba't-ibang samahan para sa repormang pansakahan. Noong 1988, naipasa ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) kasunod ng pagbagsak ni Pangulong Marcos at matapos ang ilang taong pangangampanya g mga magbubukid. Layon Nito na ilipat ang pagmamay-ari ng 10.3 milyong ektarya na lupaing pansakahan sa humigit-kumulang 3.9 milyong pamilya ng maralitang magsasaka. Sa orihinal na target ng CARP, layunin nitong maipamahagi ng gobyerno ang lupa sa loob ng sampung taon. Nabigyan ito ng karagdagang sampung



taon na palugit na nakatakdang magtapos sa 2008. Ngunit nang lumipas na ang batas noong Disyembre ng nasabing taon, may natira pang mahigit 1.2 milyong hektarya ng lupang sakahan na di pa naipamamahagi. Taong 2006, nagsimula ang kampanya para bigyan ng dagdag-palugit ang CARP. Matapos ang di-mabilang na kilos-protesta at malakihang pagkilos, naisabatas ang CARP Extension with Reforms (CARPER) noong 2009 at nagpatuloy ito hanggang 2014.

4.2.2 Mga civil society actors at ang kampanya ng Bondoc Peninsula

Ang Quezon Association for Rural Development and Democratisation Services (QUARDDS) ay isang *non-governmental organization* (NGO) sa Bondoc Peninsula na nagbibigay ng tulong-teknikal sa Kilusang Magbubukid ng Bondoc Peninsula (KMBP), isang pandistritong pederasyon ng mga magsasaka. Nagsimula ang pag-oorganisa ng QUARDDS at KMBP noong mga huling yugto ng dekada '90, na naglalayong maipamahagi ang malalaking mga lupain sa libo-libong benepersyaryo ng CARP. Ito ay sa kabila ng mabagal burukrasya at malakas na pagtutol ng mga panginoong may lupa. Naipanalala nila ang kanilang kauna-unahang tagumpay noong Setyembre 1998 nang maipamahagi sa 56 CARP beneficiaries ang 174-hektaryang lupain na pagmamay-ari ng makapangyarihang pamilya ng Reyes. Subalit ito pa lamang ang simula.

Sa loob ng 13 taon, mula 1996 hanggang 2009, mahigit 10,000 hektaryang lupain ang matagumpay na napasakamay ng mahigit 3,800 magsasaka. Ilan sa mga ito ay naipamahagi ng pamahalaan at ang iba ay dulot ng pagkilos ng mga magbubukid. Ang mga pagsusumikap na ito ay sa pamamagitan ng direktang pagkilos ng mga magbubukid mula sa baba, at pakikipag-sanib-puwersa sa mga alyado mula sa Simbahang Katolika at sa iba pang mga sektor at institusyon. Gumamit din sila ng iba't ibang radikal na pamamaraan—tulad ng land occupation, pag-boykot sa sistemang kasama (tenacy), pag-padlock ng mga tanggapan ng gobyerno, at iba pa – upang mapuwersa ang estado na ipatupad ang sarili nitong batas sa repormang agraryo. Dahil sa pagtutulungan ng QUARDDS at KMBP, nahimok ang mga mamamayan sa kanayunan na ipaglaban ang kanilang karapatan sa antas ng lokal at munisipal kung saan nagaganap ang tunggalian sa lupa.

Nahimok din ng QUARDDS ang mga magsasaka na makipag-ugnayan sa mga ahensya ng estado tulad ng Department of Agrarian Reform sa parehong antas ng munisipal at panlalawigan upang maisulong ang kanilang mga kaso ukol sa lupa. Ito rin ang nagbigay-daan sa pagbubuo ng mga koalisyon sa antas panlalawigan upang makakuha ng suporta mula sa mga mahahalagang institusyon tulad ng Simbahang Katoliko.

Mula noong mga huling bahagi ng dekada 2000, ang QUARDDS ay nagsilbing NGO na kaanib ng dalawang pambansang samahan para sa repormang pangsakahan, ang Rural Poor Institute for Land and Human Rights Services (o kilala bilang RIGHTS Network) at ang Katarungan (Movement for Agrarian Reform and Social Justice), isang pederasyon ng mga maralitang magsasaka kung saan kabilang din ang KMBP. Ang RIGHTS Network na nabuo noong 2008 na kinaaaniban ng 11 grassroots NGOs na nagsusumikap makamit ang repormang pangsakahan. Nabuo naman noong 2007 ang grupong Katarungan na binubuo ng mga samahan ng mga maralitang magsasaka mula sa iba't-ibang lalawigan dahil sa layunin na ipagpatuloy ang CARP. Ang sinimulang mga kilos-protesta nito ang nag-udyok para maipasa ang CARPER noong 2009.

Malaking bahagi ng kasaysayan ng kampanya sa repormang agraryo sa Bondoc Peninsula ay patungkol sa papel ng civil society na tulungan ang mga maralitang magsasaka na makuha ang kontrol sa lupa. Iba't ibang pagkilos sa iba't ibang antas ang ginamit ng kampanya para matulungan ang mga magbubukid na magkaroon ng kontrol sa lupa.

Natutungan ng Katarungan ang mga magsasaka ng KMBP na makipag-ugnayan sa mga kapwa nila magbubukid, magbahagi ng mga karanasan, at bumuo ng estratehiyang katuwang ang mga mamamayan mula sa kanayunan at sa iba pang mga rehiyon at lalawigan ng Pilipinas. Sa kabilang dako, ang RIGHTS Network ay patuloy nagbibigay ng tulong teknikal sa KMBP at nakikipag-tulungan sa QUARDDS para magtalaga ng mga community organizers nang sa gayon ay may mabuong pagkilos sa lokal na antas. Tumutulong din sila sa pagsusulong ng mga kasong agraryo sa antas ng nasyonal, nagsagawa ng mga dayalogo kasama ang mga angkop na ahensya ng gobyerno, nagsasagawa ng mga gawaing media at komunikasyon, nakikipag-alyansa sa mga mahahalagang grupo at institusyon tulad ng mga simbahan at mga partidong politikal, at nagsasagawa ng mga *fact-finding mission*.

Ang KMBP, QUARDDS, Katarungan, at RIGHTS Network ay sumusubaybay din sa pagpapatupad ng CARPER ng Department of Agrarian Reform (DAR) mula sa munisipal hanggang sa pambansang na antas. Ito ay upang maipagbigay-alam ang kanilang adbokasiya at magsagawa ng mga public information campaigns sa pamamagitan ng radio at pahayagan.

4.2.3 Mga aral para sa vertically integrated na pagkilos

- Ang pagbubuo ng koalisyon ay nagsisimula sa baba — mula sa mga magbubukid na nilalaban ang kapangyarihan ng mga panginoong may lupa sa kani-kanilang mga lugar, hanggang sa magbuo sila ng mga alyansa sa antas ng munisipyo, panlalawigan, pang rehiyon, patungo sa pambansang lebel.
- Isang alik sa tagumpay ang pakikipag-ugnayan ng mga CSOs sa iba pang mga grupong sektoral at institusyon, tulad ng Simbahang Katoliko.
- Ang pakikipag-ugnayan ng kilusan ng mga maralitang magsasaka sa estado ay kadalasang naisasagawa sa pamamagitan ng pressure politics at kilos-protesta sa iba't ibang antas. Sa kabilang banda, napakalimitado ng engagement ng mga grupong ito sa mga espasyong nilikha ng gobyerno upang hikayatin ang paglahok ng mha mamamayan.

4.3 Pagpapalakas ng mga Komunidad para sa Pabahay at Serbisyon Pampamayanan

Benedict G. Nisperos at Frederick Vincent Marcelo

Bukod sa patuloy na paglaki ng populasyon, kasalukuyang kinahaharap ng Pilipinas ang malaking problema sa pabahay. Bahagi ng suliraning ito ang pagdami ng mga informal na kabahayaan at kakulangan ng mga lugar na mapaglilipatan. Kaugnay din dito ang mga istrukturang gawa sa mahihinang mga materyales, makikipot na mga daan, pagtaas ng kriminalidad, tunggalian sa pamamahala ng lupa, at kakulangan sa natatanggap na batayang mga serbisyo mula sa pamahalaan.

Noong dekada '90, maraming mga informal settlers ang napaalis dahil sa malakihang demolisyon na naganap sa Metro Manila. Bilang tugon, inorganisa ng mga biktima ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya. Isa sa mga samahang nabuo ay ang Damayan ng Maralitang Pilipinong Api (DAMPA), isang umbrella organization ng Philippine Poverty Relief. Ito ay itinayo hindi lamang upang humingi ng disenteng pabahay at maayos na malilipatan, kundi pati na rin ng mga batayang serbisyo na dapat ipinagkakaloob ng pamahalaan.

4.3.1 Ang saklaw at mga gawain ng DAMPA

Naorganisa ng DAMPA ang mga maralita sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa gobyerno, pagpapabuti ng mga *self-help initiatives* sa komunidad, at pagsusulong ng mga batas sa antas lokal at pambansa na pumapabor sa mga mahihirap. Naglalahad din ito ng mga posibleng solusyon sa mga problemang madalas maranasan ng mga maralitang tagalungsod—tulad ng kakulangan sa abot-kayang pabahay, evictions at kawalan ng maayos na relokasyon. Sumusunod sa mga lokal at



Noong dekada '90, maraming mga informal settlers ang napaalis dahil sa malakihang demolisyon na naganap sa Metro Manila. Bilang tugon, inorganisa ng mga biktima ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya. Isa sa mga samahang nabuo ay ang Damayan ng Maralitang Pilipinong Api (DAMPA).

pangdaigdigang pamantayan ang mga panukala ng DAMPA, na naglalaan ng karampatang serbisyo panlipunan, gayun din ng ayuda para sa literacy at tulong pangkabuhayan. Ang mga ito ay naging mga epektibong pamamaraan para maparami ang mga miyembro ng DAMPA. Ang kanilang malaking kasapian, na binubuo halos ng mga kababaihan, ang pinagkukunan ng lakas ng nasabing organisasyon sa kanyang pakikipag-ugnayan sa estado.

Pagdating naman sa lawak ng nasasakupan, aktibo ang DAMPA sa anim na pangunahing rehiyon sa Pilipinas at may mga kasapi mula sa 90,000 na pamilya. Natulungan nito ang humigit-kumulang 5,000 pamilya na makakuha ng lupa at magmay-ari ng bahay; tumulong makapagpatayo ng 40 botika sa 30 mahihirap na komunidad. Nagbebenta ng generic na gamot ang mga botikang ito sa abot-kayang halaga para sa tinatayang 50,000 maralitang mga pamilya. Nakapagsagawa na rin ang DAMPA ng *Income Restoration Program* kung saan 252 pamilya ang nakinabang.

Para sa nasabing samahan, isa mga malalaking tagumpay nito ang pagpapaunlad ng kapasidad ng 500 urban poor leaders at volunteers mula sa 95 na komunidad na mabigyan ng mas epektibong solusyon ang mga problemang panlokal. Ang mga pinunong ito ang sumasama sa iba't ibang development and planning bodies at aktibong nakikilahok sa local governance at mga development planning activities sa pamayanan.

Dahil sa kanilang mahusay na gawain sa pag-oorganisa, nagkamit ang DAMPA ng ilang makabuluhang mga tagumpay. Noong 2009 halimbawa, natulungan nito ang 31 *informal settler families* (ISF) sa Sitio Krusher, Norzagaray, Bulacan, na gustong patalsikin ng mga katabing homeowners. Ito ang nagtulak sa mga community organizers ng DAMPA na humingi ng tulong sa Akbayan Citizen's Action Party, na agad namang magsagawa ng dayalogo sa pagitan ng dalawang partido. Bilang resulta, ipinamigay ng may-ari ng lupa ang kanyang 2,694m² na lote sa mga ISF, sa kundisyon na sila ay magbabayad ng buwis. Mula noon, patuloy na ang pagbibigay ng DAMPA ng *capacity-building training* sa mga pamilya ng Sitio Krusher.

Nagtamo din ng tagumpay ang 2,000 *informal settlers* sa lugar ng Bangkal at Magallanes sa Lungsod ng Makati, na nooy ipinaalis para magbigay-daan sa mga proyektong imprastraktura ng gobyerno. Isang kasunduan ang binuo ng DAMPA kasama ang nasyonal at lokal na pamahalaan para makakuha ng lupa ang mga residente sa pamamagitan ng '*negotiated relocation*'. Napagkalooban din ang mga residente ng kaunting halaga para makapagpatayo ng sariling bahay. Tinulungan ng DAMPA ang mga residente sa pagpapaunlad ng kanilang bagong komunidad at hindi umalis hangga't di nasisiguro na mayroon nang basic social services sa lugar tulad ng paaralan, maayos na lansangan, tubig na maiinom, at kuryente.

Bagaman ang pangunahing estratehiya ng DAMPA ay ang pag-oorganisa ng komunidad sa mga isyung pang-grassroots, bahagi din ng kanilang mg gawain ang kanilang networking strategy. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan at aktibong pakikilahok sa mga espasyo ng pakikipagtulungan, nakakabuo ang DAMPA ng malawak na samahang panlokal at pang-internasyonal. Ang pakikipag-dayalogo rin nito sa gobyerno at iba pang stakeholders sa iba't ibang antas ang nagbibigay oportunidad sa mga lider at mga miyembro ng grassroots organization na magkaroon ng mga bagong kakayanan at kaalaman. Nadadagdagan din ang kanilang kaalaman sa mga proseso ng gobyerno sa lokal at nasyonal na antas, at naiuugnay ang mga ito sa kanilang mga gawain at paraan ng pagtugon.

Sa pamamagitan ng lobbying at *constituency-building* sa iba't ibang antas ng gobyerno—na umabot pa sa internasyonal na antas—naaangkin

ng DAMPA ang mga espasyo kung saan malayang naipapahahayag ng mga maralitang taga-lungsod ang kanilang mga hinaing. Ilan sa mga espasyong ito ang matagumpay na naisabatas sa tulong din ng DAMPA. Dagdag pa dito, naisulong ng DAMPA ang pangangailangan para sa konsultasyon sa mga gawaing pangrelokasyon at ang pakikilahok ng mga mamamayan sa decision-making sa housing and relocation projects na makakaapekto sa kanila. Ito ay nakamit sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga deliberative at decision-making processes sa mga local urban poor and housing offices, gayun din sa anras pambansa tulad ng sa National Housing Authority (NHA) at sa iba pang ahensya sa ilalim ng Housing Urban Development Coordinating Council (HUDCC).

4.3.2 Mga aral para sa vertically integrated na adbokasiya

- Itinuturing ng DAMPA ang kanyang *network of constituents*, mga miyembro, at ang kanyang mga partner bilang pinakamahalagang rekurso para sa *vertical integration*. Naigpawan nito ang *populism* at *clientelism* sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kaalaman na nagmumula sa networking at pakikipagtulungan sa kanyang mga kasapi.
- Para sa DAMPA, ang *vertical integration* ay pagkakataon para matuto at mapalakas ang organisasyon at ang kanyang mga miyembro.
- Nagawa ng DAMPA na maging *vertically-integrated* ang mga gawain nito dahil kinikilala nito ang kanyang kalakasan at kahinaan at kung paano tumatakbo ang isang institusyon. Kinikilala rin nito kung paano nakaaapekto sa kanilang adbokasiya ang istruktura ng kapangyarihan sa iba't ibang antas ng gobyerno at kung ano ang pinakamabisang paraan para makipag-ugnayan sa iba't ibang antas ng pamahalaan. *rtical integration* bilang balangkas sa pag-aanalisa.



4.4 Pagpapaigting ng Kampanya Laban sa Pagmimina

Benedict G. Nisperos at Rhia Muhi

Mayroong batas sa pagmimina ang Pilipinas na tinututulan ng maraming sektor dahil sa kakulangan ng proteksyon para sa kalikasan. Ayon sa nasabing batas, pinapayagan nito ang *forest clearance*, *easement rights*, libreng paggamit sa mga katubigan, at paggamit ng mga pampasabog sa mababang halaga at multa. Hindi rin ito nakapagbibigay ng epektibong proteksyon sa mga komunidad na apektado ng pagmimina at hindi nito kinikilala ang pagmamay-ari ng lupain ng mga komunidad at katutubo.

Ang depektibong batas na ito, kasama ang mga nadokumentong kapinsalaan sanhi ng pagmimina sa bansa ang nagpataas ng kamalayan ng maraming mga komunidad na apektado ng mapanirang epekto ng pagmimina. Naging dahilan din ito upang mapagting ng kampanya laban sa pagmimina. Noong 2000, nagsimulang i-organisa ng mga residnte ng isang komunidad sa Surigao del Norte ang kanilang mga sarili noong magplano na magsagawa ng operasyon ang isa sa pinakamalalaking mining company sa Pilipinas. Layunin ng samahang ito na mapigilan ang potensyal na pagkasira ng kanilang lupain. Napalakas ng Anislagan Bantay Kalikasan Task Force (ABAKATAF), isang community-based organization (CBO), ang mga miyembro nito sa pamamagitan ng paglaban sa mapanirang gawain ng iba't ibang kumpanya sa pagmimina na nagnanais na pasukin at minahin ang kanilang lupain.

4.4.1 Ugnayan ng ordinaryong mamamayan at mga kampanya laban sa pagmimina

Dahil sa banta na kanilang kinaharap, pinakilos at inorganisa ng ABAKATAF ang kanyang mga miyembro at isinama ang mga opisyal ng barangay, munisipyo, at mga opisyal sa lalawigan sa isang dayalogo. Nagsagawa din ng *sit-down picketing* at *hunger strikes* ang ABAKATAF sa mga pasukan ng mga minahan matapos pasukin ng mga kumpanya sa pagmimina ang kanilang komunidad. Agad na dumulog ang mga ito sa mga opisyal ng gobyerno sa barangay at sa munisipyo kung kaya't naipasa ng parehong konseho ang mga ordinansa na nagpapatibay ng kanilang mga karapatan sa sariling nilang lupa at nagbibigay sa kanila ng angkop na proteksyon. Matapos nito ay dinala naman ng ABAKATAF ang kanilang kaso sa panlalawigang antas, sa Mines and Geo-Sciences Bureau, at sa mismong

pangulo ng Pilipinas. Ang mga aksyon na ito ang pumukaw ng atensyon at suporta ng sambayanan. Dahil din sa mga hakbang na ito ng ABAKATAF, pansamantalang napigilan ang mga mining companies na pasukin ang kanilang mga minahan. Di nagtagal, napigilan ng mga kumpanyang ito ang protesta ng ABAKATAF sa pamamagitan ng mga impormal at ligal na pamamaraan at estratehiya. Sa kabila ng mga kasong isinampa laban sa grupo, patuloy na lumaban ang mga miyembro nito. Iniangat ng ABAKATAF ang kanilang kaso sa pamamagitan ng pagdulog sa mga national organizations tulad ng Alternative Law Group at ang Legal Rights and Natural Resources Center (LRC) / Friends of the Earth-Philippines. Ang mga *legal rights groups* na ito ay aktibo sa mga pambansang kampanya laban sa mining. Nagsampa rin ng kaso na *injunction “mandamus” class* ang LRC laban sa mga kumpanya ng pagmimina at sa ilang opisyal ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Ito ang naging test case sa bagong ‘*Rules of Procedure for Environmental Cases*’ ng Korte Suprema at pinakaunang test case sa Mindanao.

Gumamit ang ABAKATAF at LRC ng *people-led legal strategy* kung saan ang mga taga-komunidad mismo ang nagsasampa ng kaso na may tulong-teknikal at legal mula sa LRC. Umani ng tagumpay ang mga pagkilos ng ABAKATAF sa lokal na antas. Ang kasong inihain bilang *test case* para sa bagong patakaran ay naging kauna-unahang kaso na nabigyan ng pansamantalang *protection order* para sa kapaligiran. Sa kabilang banda, mahalaga ang papel na ginampanan ng LRC para mapanatili ang interes sa kampanya ng mga ordinaryong mamamayan at mapalaki ang suporta mula sa mga NGOs. Natulungan nito ang ABAKATAF para epektibong makapagsagawa ng mga *media campaign*, at nakipagtulungan sa iba’t-ibang *international networks* para maiparating ang kalagayan ng kanilang komunidad. Regular din ang pagpapadala ng LRC ng mga reports tungkol sa mga gawain at kampanya ng mga komunidad sa mga grupo tulad ng Friends of the Earth International at ng Philippine Indigenous Peoples’ Links, isang organisasyon mula sa UK na sumusuporta sa mga katutubo sa Pilipinas. Dito nagmumula ang mga impormasyon ng *international community* tungkol sa laban sa pagmimina.

Kasabay ng pagkakaroon ng aktibong kilusan sa lokal na lebel, ang mga pagsisikap naman sa mas mataas na antas sa pangunguna ng mga CSOs na dalubhasa sa teknikal na aspeto ang nagtulak sa pagpapasa ng mga polisiya sa pagmimina na pabor sa mga komunidad. Ang sama-samang pagkilos ng mga ordinaryong mamamayan ang nagbigay sa *national anti-mining campaign* ng mga impormasyon mula sa baba na maaaring magamit sa pagsulong ng adbokasiya sa *Philippine Congress* at sa mga *consultative meetings* kasama ang ehekutibong sangay ng gobyerno, Tanggapan ng Pangulo, at DENR. Ito ang nagpaantala sa mga isyu sa karapatan sa pagmimina at pagpapabuti ang mga patakaran sa pagmimina.

Napalakas ng Anislagan Bantay Kalikasan Task Force (ABAKATAF), isang community-based organization (CBO), ang mga miyembro nito sa pamamagitan ng paglaban sa mapanirang gawain ng iba’t ibang kumpanya sa pagmimina na nagnanais na pasukin at minahin ang kanilang lupain.

4.4.2 Mga aral para sa vertically integrated advocacy

- Nakita ng ABAKATAF ang kanyang limitasyon bilang CBO kaya pinagsikapan nitong palakihin ang nakukuhang suporta mula sa rehiyon ng Mindanao at sa mga national organizations na kumikilos laban sa pagmimina.
- Napalaki ng ABAKATAF ang sama-samang pagkilos nito sa iba’t ibang antas sa pamamagitan ng pakikipagsanib sa mga pambansang organisasyon. Dahil dito, natiyak nito ang mga suportang legal, teknikal, at sa ibang pagkakataon ay pinansyal, para makamit ang layunin ng kampanya laban sa pagmimina.



4.5 Kampanya para sa Karapatan ng mga Katutubo

Benedict G. Nisperos and Romeo Saliga

Masasabing ang kampanya para sa mga karapatan ng mga katutubo sa Pilipinas ay parehong may kabaguhan at katagalan. Ang Pilipinas ay isa sa mga unang bansang nagkaroon ng batas na nagbibigay-proteksyon sa mga karapatan ng mga katutubo, nang kilalanin ng Korte Suprema ang kanilang karapatang sa sarili nilang lupa isang daang taon na ang nakalipas. Ang hangarin ng mga katutubo na pamahalaanan ang kanilang mga sarili sa pamamahala at magamit ang kanilang mga lupain ang dahilan ng kanilang patuloy na pakikibaka. Katuwang ng laban na ito ang iba pang kampanya para sa kapaligiran, pakikilahok sa pamamahala, pagkakapantay-pantay ng kasarian, at usaping pangkapayapaan. Mayroon ding mga grupo ng katutubo sa bansa ang tumututok sa mga partikular na isyu. Isang halimbawa ay ang Teduray Lambangian Women's Organisation, Inc. (TLWOI) na samahan ng mga katutubo na pinangungunahan ng mga kababaihan. Sa lalawigan ng Maguindanao nakabase ang TLWOI na siyang sentrong pangrehiyon ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM). Sa kontekstong ito, malaki at patong-patong na hamon ang kinahaharap ng TLWOI sa pagsulong ng mga karapatan ng katutubong kababaihan. Isa sa mga hamon na kanilang kinahaharap ay ang pagsasagawa ng mga pang-araw-araw nilang tungkulin—tulad ng pagkakaroon ng hanap-buhay, edukasyon, at iba pang pangunahing serbisyo.

Hamon din sa kanila ang nakaugaliang pagsasantabi ng karapatan ng mga kababaihang sa komunidad ng mga katutubo dahil sa sistemang patriyarkal na patuloy na nangingibabaw. Kaya naman ang TLWOI ay nakipag-ugnayan sa iba't ibang antas ng pamahalaan sa pamamagitan ng magkakaibang pamamaraan. Ipinaglalaban ng TLWOI ang pangkalahatang karapatan ng mga katutubo at ang karapatan ng mga kababaihang katutubo sa mas partikular na aspeto. Sa paghingi ng mga pangunahing panlipunang serbisyo, ginamit nila ang mga espasyo ng pagkakaroon ng kinatawan sa lokal at pambansang antas. Ito ay kumatawan sa mga interes ng mga katutubo sa *key decision-making bodies* sa pamamagitan ng paggamit sa mga espasyong kasalo ang gobyerno. Naimpluwensyahan din nito ang pagsasabatas ng mga lokal na ordinansa na nagsusulong ng karapatan ng mga katutubo—tulad ng pagpapasimula ng *early-marriage*

counselling at ang paglalaan ng pondo para sa mga programa sa *gender and development* – at paglalaan din ng pondo para sa mga pangunahing serbisyo para sa mga katutubo sa barangay at munisipal na antas.

Matagumpay ding naisulong TLWOI ang pagkilala sa karapatan ng mga katutubo sa ARMM *regional assembly*. Sa pambansang antas, ang pinakamahalagang ambag ng grupo ay ang pagpasok ng karapatan ng mga kababaihang katutubo sa *Magna Carta of Women* na naisabatas noong 2009. Kinakatawan din ng grupo ang interes ng mga katutubo sa mga pambansang talakayan tungkol sa pagtatatag ng pangrehiyong entidad ng Bangsamoro.

4.5.1 Mga estratehiya sa kampanya at pag-oorganisa

Ang TLWOI ay nagsasagawa ng pampublikong edukasyon bilang estratehiya sa pag-organisa at instrumento upang mamulat ang mga katutubong kababaihan. Ang pag-oorganisa ng pamayanan ay malakas sa lokal na antas at siya namang pinagtibay ng tuloy-tuloy na pagbisita ng mga *village point persons* ng nasabing organisasyon sa mga nasasakupangan nito.

Higit pang napalakas ng TLWOI ang kanilang pag-oorganisa sa mga komunidad nang gumamit sila ng mga makabagong teknolohiya sa komunikasyon at nagsimula na silang lumabas sa mga programa sa telebisyon at radyo. Ginagamit nila ang pag-oorganisa sa komunidad para makakuha ng mga feedback mula sa mga mamamayan. Malaki ang base ng suporta ng TLWOI. Napagkaisa nito ang 35 na mga Téduray at Lambangian na organisasyong pangkababaihan sa anim na munisipalidad sa lalawigan ng Maguindanao, na nagbibigay-importansya sa papel na ginagampanan ng kababaihan sa pagpapaunlad ng komunidad. Meron ding sekretaryat na nakabase sa headquarters ng organisasyon sa Lungsod ng Cotabato.

Madali ding nakakagalaw ang TLWOI sa mga espasyo para sa polisiya sa iba't ibang antas, sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba pang mga samahan. Kasama rito ang iba pang organisasyon ng mga katutubo na nakikinabang sa mga espasyo sa lahat ng antas ng gobyerno. Nakikipagtulugan din ang TLWOI sa iba't ibang sektor tulad ng akademiya, mga *civil society*, mga organisasyong pangkaunlaran at pangrelihiyon katulad ng National Federation of Rural Women, the Asia Foundation, United Nations Human Rights Commission, the Center for Peace and Conflict Studies, European Union, at Notre Dame University.

Sila ay nakikipagtulungan sa mga organisasyong nabanggit sa aspeto ng adbokasiya, pagpapaunlad ng komunidad, at paglilinang ng kakayanan at edukasyon. Nagbibigay din sila ng tulong teknikal at pinansyal. Ang patuloy na pakikipag-ugnayan ng TLWOI mula lokal hanggang pambansang antas ang naging dahilan upang makilala ito bilang isa sa mga epektibong mapagkukunan ng mga panukalang batas para sa mga katutubo. Sa pakikipag-ugnayan naman sa pamahalaan, tinitiyak ng TLWOI na mayroong espasyo para sa mga kinatawan nito kung saan maihahayag nila ang mga suliranin at hangarin ng kanilang mga miyembro. Sa lokal na antas, sa munisipal, hanggang sa antas pangrehiyon, ang mga opisyal ng organisasyon ay nakikipag-dayalogo sa mga lokal na opisyaes sa pamamagitan ng *local development councils* at *poverty response action teams*. Sa pambansang antas, kinakatawan nila ang interes ng mga katutubo sa National Anti-Poverty Commission at sa Bangsamoro Transition Commission.

pinaglalaman ng TLWOI ang pangkalahatang karapatan ng mga katutubo at ang karapatan ng mga kababaihang katutubo sa mas partikular na aspeto. Sa paghingi ng mga pangunahing panlipunang serbisyo, ginamit nila ang mga espasyo ng pagkakaroon ng kinatawan sa lokal at pambansang antas.

Sinisikap ding impluwensiyahan ng TLWOI ang mga pangunahing ahensya na nagbibigay ng serbisyong panlipunan na kailangan ng mga katutubo para sa pang-araw-araw nilang pamumuhay. Para naman mapatibay ang kanilang pakikilahok sa pamamahala, sumasali ito sa mga proseso ng halalan para ikampanya ang mga kandidato ng kanilang komunidad.

4.5.2 Mga aral para sa vertically-integrated na adbokasiya

- Kinikilala ng TLWOI na ang pakikipag-ugnayan sa gobyerno ay hindi lamang limitado sa laki ng organisasyon. Para sa kanila, ang malikhaing pagkakaroon ng mga *vertically integrated* na samahan at ang pagtukoy ng mga *strategic partnership* ang susi sa epektibong kampanya.
- Ang pagkilatis at pakikipag-ugnayan sa mga angkop na kapangyarihang pampulitika sa bawat antas ng gobyerno ay mahalaga para makamit ang nais na resulta.

4.6 Pagsulong ng Karapatan para sa Reproductive Health (RH)

Marlon Lara Cornelio

Noong 2012, naisabatas ang Responsible Parenthood and Reproductive Health Act o mas kilala bilang *RH Law*. Nakasaad sa nasabing batas ang pagtitiyak na mayroong *universal access* sa iba't-ibang paraan ng *family planning*, pagtuturo ng *reproductive health and sexual education* sa tamang edad, at pagbibigay ng *maternal and reproductive health services*. Bagaman nananatiling ilegal ang pagpapalaglag ng sanggol, binibigyan ng mandato ang gobyerno na siguruhin na ang mga kababaihan na nangangailangan ng aruga dahil sa kumplikasyong nakuha sa pagpapalaglag ay makakatanggap ng makataong serbisyong medical na walang panghuhusga.

Ang pagsasabatas ng RH law ay isang *landmark case* sa Pilipinas kung saan 80% ng populasyon nito ay mga Katoliko. Isa itong malaking tagumpay para sa mga grupo ng kababaihan habang matinding kabiguan naman ito para sa Catholic Bishop's Conference of the Philippines (Estrada-Claudio 2015).

Malawak at multi-sektoral amg naging kampanya para sa RH law. Sa loob ng reproductive health movement, iba't-ibang mga samahan ang nanguna ng kampanya. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa Likhaan Centre for Women's Health, isang organisasyon na bahagi ng Reproductive Health Alliance Network (RHAN). Dito ay ibinahagi nila ang kanilang mga karanasan at aral mula sa tagumpay ng kampanya na tumitingin sa inisyatibo at kilos na isinagawa sa iba't ibang antas ng pagbabalangkas ng polisiya.



Ang pagsasabatas ng RH Law ay isang landmark case sa Pilipinas kung saan 80% ng populasyon nito ay mga Katoliko. Isa itong malaking tagumpay para sa mga grupo ng kababaihan habang matinding kabiguan naman ito para sa Catholic Bishop's Conference of the Philippines.

4.6.1 Ang Civil Society at ang Kampanya para sa Karapatan sa Reproductive Health

Naitatag ang Likhaa noong 1995 at binubuo ito ng mga health advocates at professionals. Nagbibigay ito ng edukasyong pangkalusugan at serbisyo para sa mga kababaihan at kabataan na nakatira sa mga *marginalized communities*. Pinagsama-sama ng Likhaan ang suporta ng komunidad sa RH campaign sa pamamagitan ng pagpapakalat ng impormasyon, edukasyon, at komunikasyon, pag-oorganisa ng mga pulong sa komunidad, at pagsagawa ng mga pagsasanay para mapaunlad ang kakayahan ng mga kababaihan na makilahok sa mga debate hinggil sa RH. Nagbigay din ito ng mga ideya kung paano patatakbuin ang mga RH clinics. Noong 2003, tumulong ang Likhaan sa pagbubuo ng pederasyon ng mga kababaihan at kabataan mula sa iba't-ibang komunidad upang isulong ang RH. Naitatag naman ang RHAN noong 2001 na siyang naging pinakamatandang samahan na nagmomonitor at nagsusulong ng karapatan sa RH. Itinatag ito Population Commission, Family Planning Organisations of the Philippines, Philippine Legislators' Committee on Population and Development, at ng Philippine NGO Council of Population, Health and Welfare.

Sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag-aaral ng polisiya at aktibong pangangampanya, pumanig ang opinyon ng publiko sa mga tagasuporta ng RH. Nakipag-ugnayan ang RHAN sa iba't ibang sektor mula sa akademiya, sektor ng agham at medisina, ang faith-based groups, at ang mga nasa negosyo, para makalikom ng suporta para sa RH Bill. Hindi rin umurong ang RHAN sa mga debate sa Simbahang Katoliko kaugnay ng RH.

Naging maganda ang kampanya para sa RH, at napabilang dito ang mga ahensya ng gobyerno mula lokal, nasyonal, at internasyonal na antas. Ang pinakamalaking hamon ay mula sa mga legislative bodies sa parehong antas ng lokal at nasyonal. Ang ehekutibong sangay naman ng gobyerno sa ilalim ng administrasyon ni Aquino na suportado ang panukala at aktibong nangampanya para sa karapatan ng RH. Kumilos din ang maraming lokal na pamahalaan para ipawalang-bisa ang mga naunang nang ordinansa at ang executive orders na taliwas sa RH o kaya'y sumasagka sa karapatan ng mga kababaihan.

Malaking ang naging impluwensiya ng mga international conventions at mga aral mula sa ibang bansa sa kampanya para sa RH. Halimbawa, dahil sa 1994 International Conference on Population and Development, nabago ang tuon ng mensahe ng kampanya mula sa pagkontrol ng populasyon tungo sa karapatan sa RH. Ang pagpapalit na ito ang naghikayat sa mas marami pang bilang ng mga tao na pumanig sa kampanya. Ang kampanya ng RH ay nagpakita ng epektibong *policy monitoring and advocacy* para pagtibayin ang mga karapatan ng kababaihan at kabataan.


Noong mga naunang yugto ng kampanya, ang RHAN ay nakipagtulungan sa mga alyado sa gobyerno na nasa loob ng ehekutibo at lehislatibo. Pinangunahan nito ang iba't ibang pagpapakilos, sa parehong pambansa at lokal na antas, na siyang lumikha ng *national pressure* para ipasa ang RH Bill. Nakatulong din ang liderato ni Pangulong Benigno Aquino III para himukin ang Kongreso na ito'y bigyan-prayoridad ang nasabing panukalang batas (Ocampo 2014).

Nang maisabatas na ang RH Law, pinilit naming pigilan ang pagpapatupad nito sa Korte Suprema. Bagamat ang resulta ay pumanig sa naturang batas, ang implementasyon nito ay lubhang naantala. Matapos magtagumpay sa Kataastaasang Hukuman, itinuon ng mga tagapagsulong ng RH ang kanilang atensyon sa implementasyon ng nasabing batas. Sa kasalukuyan,

ang Likhaan ay bahagi ng *multi-departmental committee*, ng *National Implementation Team*, na binuo ng Department of Health (DOH) pati na ang iba't ibang kinatawan mula sa CSOs, para subaybayan ang pagpapatupad ng RH Law. Ang Likhaan ay nagsusilbing kinatawan ng mga CSOs sa pambansang sekretaryat, na nakikipag-ugnayan sa mga gawain ng CSOs at nagpapasok ng mga ideya sa implementasyon ng RH Law, pati narin ang pagtatala ng mga nagawa na ng CSOs.

4.6.2 Mga Aral para sa Vertical Integration

- Ang vertical integration ay magastos at nangangailangan ng mga mapagkukunan ng gastusin para mapanatili at mapaandar ang mga network nito. Sa naganap na kampanya, may mga pondo mula sa lokal at internasyunal na partner; Ito ay makikita sa pagpupursige ng mga aktibista at ng mga kababaihan na napanatili ang pagsusulong ng adbokasiya sa kabila ng maliit na kakayanang pampinansyal.
- Ang vertical integration ay pinaandar ng mga tagapagsulong ng RH. Pinagkaisa rin nila ang mga mahahalagang opisyal ng gobyerno tungo sa adbokasiya.
- Hindi man dinesenyo na maging *vertically integrated*, iniangkop naman ng kampanya ng RH ang sarili sa mga oportunidad at mga naging hamon. Kahit na mayroon nang *vertical integration* sa ibang bahagi ng kampanya, ito ay nailarawan din bilang “*rhizomatic*” (Estrada-Claudio 2015)— isang *network* ng mga *intersecting* at *non-intersecting* na mga organisasyon na may parehong *horizontal* at *vertical integration*.



4.7 Pagbuo ng mga Disaster-Resilient Communities

Marlon Lara Cornelio

Ang buod ng pag-aaral na ito ay tumitingin sa naging kampanya ng Disaster Risk Reduction Network Philippines (DRRNetPhils), para sa pagpasa, implementasyon, at pagrepasso ng 2010 Disaster Risk Reduction Management (DRRM) Act. Sinisiyasat nito ang iba't ibang pagkilos sa iba't ibang antas ng *policy-making*, mula sa lokal at nasyonal, at paghalaw ng mga aral mula sa nasabing kampanya. Pinakikita nito kung paano mapakikinabangan ang paggamit ng *vertical integration approach* sa pagsusuri ng magkaparehong monitoring at advocacy campaigns.

Bago maipasa ang DRRM Act, ang pangunahing batas na sumasaklaw sa *disaster management* sa bansa ay ang Presidential Decree (PD 1566), na pinagtibay noong 1978 sa panahon ng diktador na si Ferdinand Marcos. Itinuturing ang DRRM Act na isang *paradigm shift*. Mula sa dating *approach* na limitado sa *reactive management of disasters*, kinikilala na ngayon ang pangangailan ng isang *holistic approach* para maiwasan ang panganib at agad na makatugon sa oras ng pangangailangan (Scriven 2013). Kasama dito ang pagbibigay ng Disaster Risk Management (DRM) Fund, mga inisiyatiba para sa *climate change adaptation*, at pakikilahok ng *civil society* sa mga DRRM councils sa pambansa, pangrehiyon, panglokal, at pangkomunidad na antas.

Inabot ng mahigit isang dekada bago naisabatas ang DRRM Act. Bagaman may nauna nang mga kampanya ang iba't ibang grupo, kinikilala ang naging mahalagang papel ng DRRNetPhils para sa pagsusulong ng DRRM Act (Ibid.). Nagsilbi itong matibay at malawak na koalisyon na nag-impluwensya a paghubog ng polisiya kaugnay ng sakuna.

4.7.1 Ang Pagbuo ng Pambansang Koalisyon

Bilang pambansang pormasyon, tinipon ng DRRNetPhils a ng mahigit 300 mga CSOs na umaayon sa *Hyogo Framework for Action* sa DRRM. Kasama nito ang mga nasa akademiya, ahensya ng gobyerno at lokal na pamahalaan. Ang pagkakaroon ng iisa at malinaw layunin ang naging salik sa madaling pakakabuo ng *consensus* sa loob ng DRRNetPhils. kung wala Nito, tiyak na naging buhaghag at kalat-kalat ang nagging pagkilos ng grupo (Ibid.).

Mlaaking tulong din na may mga alyado ang koalisyon sa loob ng gobyerno ang koalisyon, sa parehong ehekutibo at lehislatibong sangay, dahil naging mahalaga sila sa pagpapasa ng batas (Dela Cruz 2015). Lubos ding nakaimpluwensya sa bagong batas ang mga pandaigdigang kasunduang pinirmahan ng Pilipinas tulad ng Hyogo Framework. May mga nagsabi din na ang Inang Kalikasan na mismo ang kumilos para sa maipasa ang batas. Maraming nabigla sa naging pananalantang dulot bagyong Ketsana/ Ondoy noong 2010. Ipinakita din ito ang agarang pangangailangan na palitan na ang batas (Dela Cruz 2015). At ang DRRNetPhils nanguna sa ng pagbubuo ng koalisyon para isulong sa ang DRRM Act. Ginamit nito ang pagbubuo ng koalisyon bilang pangunahing pamamaraan sa paggawa ng constituency para sa pagpasa ng nasabing batas.

Maraming papel ang ginampanan ng DRRNetPhils, tulad ng pagbabalangkang ng estratehiya sa pampublikong edukasyon at pagbibigay ng espasyo para makapagbahaginan ng karanasan at kaalaman ang mga panglokal at pambansang mga organisasyon. Nagsasagawa rin ito ng pagtitipon para magpakalat ng impormasyon. At ang pinakamahalaga sa lahat, pinataas ng DRRNetPhils ang kaalaman at kapasidad ng kaniyang mga kasapi sa paggawa ng polisiya tungkol sa DRR. Naging kasama din ang mga komunidad sa paghahanda ng mga lokal at pambansang development plans, at nagbigay ng mga ideya sa pagbalangkang ng DRRM bill.

Dagdag pa ditto, dinala din ng DRRNetPhils ang mga karanasan ng mga grass-roots organization sa mga lehislatibong diskusyon. Nakipagtulungan sila sa scientific community sa pagbibigay ng mga ebidensya sa mga community hearings. Isinulong nito ang mga lokal na ordinansa, at minodelo ang community-based DRM sa pamamagitan ng pagkilos ng kanilang mga kasaping organisasyon. Ang pagtutulungan ng DRRNetPhils at ng estado sa kampanya ay maliwanag mula sa lokal at pambansang antas. Sa antas nasyunal, mahalaga ang nagging sama-samang pagkilos ng mga miyembro ng DRRNetPhils sa pagpapasa ng batas. At matapos itong maisabatas, naging bahagi ng mga *national and local DRRM councils* ang mga miyembro ng DRRNetPhils, na nakatuon sa pag-monitor ng implementasyon ng batas.

**nabot ng mahigit isang dekada
bago naisabatas ang DRRM Act.**

**Bagaman may nauna nang mga
kampanya ang iba't ibang grupo,
kinikilala ang naging mahalagang
papel ng DRRNetPhils para sa
pagsusulong ng DRRM Act.**

**Nagsilbi itong matibay at malawak
na koalisyon na nag-impluwensya
a paghubog ng polisiya kaugnay
ng sakuna.**

4.7.2 Mga aral para sa pangangampanya ng

Vertical Integration

- Isa sa mga hamon ng pagbuo ng koalisyon at paglinang ng mga alyado sa gobyerno ay ang kakulangan sa koordinasyon sa mga ahensya ng pamahalaan. Bago maipasa ang batas, watak-watak ang pamamaraan ng gobyerno sa DRRM bagaman ay *vertically integrated* na ang kampanya ng civil society. Nangangahulugan na maaaring maging modelo ng pamahalaan ang *vertically-integrated* na kampanya ng civil society upang mapahusay pa nila ang kanilang mga gawain.
- Ang DRRNetPhils ay isang mekanismo para sa horizontal at vertical integration: sa panloob, na-organisa nito ang sarili upang mapalakas ang kaniya adbokasiy; habang sa panlabas, naipapakita nito ang koordinasyon ng mga lokal at pambansang inisyatiba.

